

SO WHAT

- Ano ang ginawa ni Jesus sa mga bayan at mga nayon na Kanyang pinuntahan?
- Ano ang ating karaniwang pananaw na kakaiba mula sa pananaw ni Jesus? Papaano natin dapat tingnan ang mga tao ayon sa pagtingin ni Jesus?
- Bakit ang Mabuting Balita ang pinakaganap na regalo na maaari nating itugon? Bakit kailangan nating higitan pa ang pagtugon sa mga pangangailangan at sabihan sila tungkol kay Jesus?

NOW WHAT

- Naranasan mo na ba ang awa ni Jesus para sa iyo? Kung hindi pa, nais mo bang malaman ang ginawa Niya para sa iyo at papaano ka Niya iniligtas?
- Aling mga bahagi ng iyong buhay ang sa tingin mo'y hindi naaayon sa iyong pahayag kung sino ang Diyos? Hayaang gumawa ng pagbabago ang Diyos sa iyo.
- Sino ang nais mong makita gaya ng pagtanaw ni Jesus? Papaano mo ipapakita ang iyong awa sa kanila sa buong linggong ito?

PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos sa Kanyang awa at pagmamahal sa atin. Pasalamat Siya sa Kanyang sakripisyo sa krus at sa pagligtas Niya sa atin.
- Hingin sa Diyos na tulungan tayong makita natin ang mga tao gaya ng pagtingin Niya, na makadama tayo ng awa gaya Niya, at tumugon sa kanila gaya Niya.
- Manalangin na ikaw ay maging daluyan ng awa ng Diyos at makapagbahagi ka ng Mabuting Balita ng may talinong taglay, tapang, at may madaliang pagkilos.



Karapatang Pag-aari © 2014
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan. Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 1 FILIPINO

Siya ay Kumakalinga



NOTES

CONNECT

- Nais mo ba na humihingi ka ng tulong kapag may problema ka? Bakit o bakit hindi?
- Naaalala mo pa ba ang panahon na may natulungan kang miyembro ng pamilya o kaibigan? Anong nangyari?
- Papaano ka tumutugon kapag may nakita kang namamalimos? Bakit sa palagay mo ganon ang iyong tugon?

WORD

³⁵Nilibot ni Jesus ang mga bayan at nayon, at nangaral siya sa mga bahay-sambahan ng mga Judio. Ipinahayag niya ang Magandang Balita tungkol sa paghahari ng Diyos, at pinagaling niya ang lahat ng uri ng sakit at karamdaman. ³⁶Nang makita ni Jesus ang napakaraming tao, naawa siya sa kanila, dahil napakarami ng mga problema nila at wala silang mahingan ng tulong. Para silang mga tupang walang pastol. MATEO 9:35,36

WHAT

Si Jesus ay naging huwaran ng pagkamaawain. May kalinga Siya sa mga tao. Inaabot Niya sila, pinagaling sa karamdaman, at nangaral ng mabuting balita ng kaharian. Bilang mga tagasunod ni Jesus, tayong mga nakaranas na ng Kanyang awa at pagmamahal, ay maaari ring ipaabot ito sa iba. Dahil tayo ay binago ng puspusang pagmamahal ng Diyos na ipinakita sa atin sa krus, maaari nating tularan ang Kanyang halimbawa. Sa aral na ito, sasagutin natin ang tatlong tanong tungkol sa pagkamaawain habang tayo ay sumusunod sa halimbawa ni Jesus.

1 Nakadarama ka ba ng awa gaya ni Jesus?

Nang makita ni Jesus ang napakaraming tao, naawa siya sa kanila . . . MATEO 9:36

Habang umiikot si Jesus sa buong kabayanan at mga nayon, hindi lamang Niya nakita ang pangangailangan—nadama din Niya ito. Itong awa na ito ay 'di lamang emosyon— ito ay masidhing pakikiramay na may hangad na tumulong sa kapwa na nalalagay sa gusot. Papaano ipinakikita ni Jesus ang Kanyang awa sa sangkatauhan?

2 Ang tingin mo ba sa mga tao ay tulad ng kaparaanan ni Jesus?

Nang makita ni Jesus ang napakaraming tao, naawa siya sa kanila, dahil napakarami ng mga problema nila at wala silang mahingan ng tulong. Para silang mga tupang walang pastol. MATEO 9:36

Nakita ni Jesus na ang mga tao ay nasa kaguluhan at kailangan ng tulong, tulad ng tupang walang pastol. Nakita Niya na kailangan nila ng Diyos. Maaari nating tingnan ang mga tao sa nais natin—hal., nangangailangan, o mapangahas, mapag-isa, makasarili, matagumpay—o pupwede natin silang tingnan tulad ng kaparaanan ni Jesus—mga ligaw kung wala ang Mabuting Balita. Ano ang itsura ng “isang tupa na walang pastol”?

3 Ikaw ba ay tumutugon gaya ni Jesus?

³⁷Kaya sinabi niya sa mga tagasunod niya, “Marami ang aanihin, pero kakaunti ang tagapag-ani. ³⁸Kaya idalagin ninyo sa Panginoon, na siyang may-ari ng anihin, na magpadala siya ng mga tagapag-ani.” ¹Tinawag ni Jesus ang kanyang 12 tagasunod at binigyan sila ng kapangyarihang magpalayas ng masasamang espiritu at magpagaling ng anumang sakit at karamdaman. MATEO 9:37-10:1

Alam ni Jesus na ang mga tao ay ligaw, na kailangan nila ang Diyos, at sagana ang ani. Alam Niyang marami ang dapat gawin. Tinugunan Niya ang Kanyang nakita sa pasabi Niya sa mga disipulo na manalangin na madagdagan pa ang mga manggagawa, sa pagtawag Niya ang Kanyang mga disipulo, at pagpahayo Niya sa mga ito. Ang pinakamainam na pagtugon ng may awa ay hindi ang pagpapakain sa kanila o 'di kaya ay sa pagbibigay ng mga pampisikal na pangangailangan—ito ay sa pagbabahagi ng Mabuting Balita na naghahatid ng kaligtasan. Sino ang mga manggagawang ipinadala ni Jesus? Sino ang mga manggagawa sa ating panahon?
